

Pamamaraan para sa Reklamo sa ilalim ng Title VI

1. Ang reklamo sa ilalim ng Title VI ay maaaring ma-download mula sa www.bart.gov o hiniling mula sa Office of Civil Rights (OCR). Ang nagrereklamo ay maaari rin mag-sumite ng isang nakasulat na pahayag na naglalaman ng mga sumusunod na impormasyon:
 - a. Pangalan, address, at numero ng telepono ng nagrereklamo.
 - b. Ang batayan ng reklamo (lahi, kulay, pinagmulang bansa, kasarian, edad, o kapansanan).
 - c. Ang petsa o mga petsa kung saan ang napatang na pangyayari na may diskriminasyon ay naganap.
 - d. Ang kalikasan ng pangyayari na naghantong sa nagrereklamo na maramdaman na isang factor ang diskriminasyon.
 - e. Ang mga pangalan, address at mga numero ng telepono ng mga tao na maaaring may kaalaman sa pangyayari.
 - f. Ang iba pang mga ahensya o mga korte kung saan maaaring naisampa ang reklamo at isang pangalan kung kanino makikipag-ugnayan.
 - g. Lagda at petsa ng Nagrereklamo
2. Kung ang nagrereklamo ay hindi kayang sumulat ng isang reklamo, ang staff ng OCR ay tutulong sa nagrereklamo. Kung hilingin ng nagrereklamo, ang OCR ay magkakaloob ng interpreter sa wika o sign interpreter.
3. Ang mga nagrereklamo ay may karapatan na magreklamo nang direkta sa naaangkop na pederal na ahensya. Ang mga reklamo ay dapat isampa sa loob ng isang daan at walumpong (180) araw na batay sa kalendaryo mula nang huling napatang na pangyayari.
4. Ang OCR ay mag-uumpisa ng imbestigasyon sa loob ng labinlimang (15) araw na may pasok sa trabaho mula nang matanggap ang reklamo.
5. Ang OCR ay makikipag-ugnayan sa nagrereklamo sa pamamagitan ng isang kasulatan ng hindi mas tatagal sa tatlung (30) araw na may pasok sa trabaho makalipas na matanggap ang reklamo para sa karagdagang impormasyon, kung kinakailangan. Kung nabigo ang nagrereklamo na magkaloob ng hiniling na impormasyon sa oras, ang OCR ay maaaring administratibong isara ang reklamo.
6. Ang OCR ay magkukumpleto ng imbestigasyon sa loob ng siyamnapung (90) araw nang matanggap ang reklamo. Kung kailangan ng karagdagang oras para sa imbestigasyon, makikipag-ugnayan sa nagrereklamo. Isang nakasulat na ulat ng imbestigasyon ang ihahanda ng imbestigador. Ang ulat na ito ay may kasamang paglalarawan ng buod ng pangyayari, mga natuklasan at inirekumendang pangwastong kilos.
7. Isang pangwakas na sulat ang ipagkakaloob sa nagrereklamo at ang taong nasasakdal o departamento ng nasasakdal. Ang mga panig ay may limang (5) araw na may pasok sa trabaho mula nang matanggap ang pangwakas na liham para makapag-apela. Kung wala sa alinman sa mga panig ang mag-apela, ang reklamo ay isasara.
8. Kung kinakailangan, ang ulat ng imbestigasyon ay ipapasa sa naaangkop na pederal na ahensya.

Ang San Francisco Bay Area Rapid Transit District, sa pag-aalinsunod sa Title VI ng Civil Rights Act ng 1964, ang Federal Highway Administration (FHWA), at ang naaangkop na mga batas at regulasyon ng pederal at ng estado, ay may pananagutan upang tiyakin na walang hindi isasali o tatanggihan ng mga benepisyo para sa mga serbisyo o mga programa nito batay sa lahi, kulay, o pinagmulang bansa, kasarian, edad, o kapansanan.

Sinumang naniniwala na sila ay sumailalim sa isang pakikitungong may diskriminasyon ay maaaring mag-sumite ng isang nakasulat na reklamo sa Office of Civil Rights ng San Francisco Bay Area Rapid Transit District. Hinihiling sa ilalim ng batas ng Pederal o ng Estado na ang mga reklamo ay isampa sa loob ng isang daan at walumpong (180) araw na batay sa kalendaryo mula nang huling napatang na pangyayari.

Ang mga reklamo ay maaaring ipadala sa koreo, i-fax o i-email sa address:

MAKIPAG-UGNAYAN SA AMIN:

SAN FRANCISCO BAY AREA RAPID TRANSIT DISTRICT
ATTN: Office of Civil Rights
300 Lakeside Drive, Suite 1800
Oakland, CA 94612
TEL: (510) 874-7333
FAX: (510) 464-7587
www.bart.gov

Ang Inyong Mga Karapatan sa ilalim ng Title VI ng Civil Rights Act of 1964

Proseso ng Pagrereklamo at Form para sa Reklamo

Federal Highway Administration



Ang Title VI ay ang Batas

